
AKO SI
PEDRO

# PAUNANG SALITA

Ang komiks na ito ay nabuo bilang inspirasyon mula sa aklat na *Sir Pedro and the Sierra Madre Mountains*, na isinulat ni Ginoong Pedro Trinidad at inedit ni Ginang Eileen Sarmiento-Yordan. Ang nasabing aklat ay kinilala at ginawaran ng parangal sa *16th Cardinal Sin Catholic Book Awards* sa kategoryang *Youth*.


Layunin ng komiks na *Ako si Pedro* na maabot at mapalawak ang kamalayan ng mga kabataan. Sa pamamagitan nito, hangad naming mabuksan ang kanilang imahinasyon at ipakita na may mga indibidwal na nagsisilbing inspirasyon sa iba. Isinasaad sa kwentong ito ang pagsisikap at dedikasyon ni Sir Pedro upang mapabuti ang buhay ng kanyang kapwa.


Ang komiks na ito ay bunga ng masusing proseso ng paglikha at pagsusumikap. Ito ay bahagi ng isang proyekto na itinakda ni Binibining Cristalyn R. Zuño, guro sa asignaturang Filipino. Ang pagbuo nito ay dumaan sa iba't ibang hakbang tulad ng pagbasa, pagpaplano, pagguhit, pagkukulay, at masigasig na paglinang ng ideya upang maisakatuparan ang natapos na likhang sining.

Nagsimula ang proyekto sa pamamagitan ng pagbasa ng aklat ni Sir Pedro, na naglalayong ipabatid sa mga kabataan ang kahalagahan ng pagsisikap at malasakit sa iba. Ipinatupad ito sa pamamagitan ng pangkatang gawain, kung saan ilang grupo ng mag-aaral ang nagbigay ng kanilang kontribusyon. Bagamat maraming grupo ang nakilahok, isang pangkat lamang ang patuloy na nagpursigi hanggang sa maihatid sa inyo ang proyektong ito.


Nawa'y inyong tamasahin at pahalagahan ang kwento ni Sir Pedro sa bawat pahina ng komiks na ito. Hangad naming, bilang mambabasa, na matagpuan ninyo ang inspirasyon sa kanyang kwento—isang buhay na makulay at makabuluhan dahil sa kanyang dedikasyon sa paglilingkod sa iba at sa pagnanais na makamit ang tagumpay.


-Cristalyn R. Zuño
*Gurong Tagapayo*
*Marso 2025*



Napakaganda at napakatayog mo Sierra Madre.
Sana balang araw, matawid kita at makapaglakbay ako nang malayo.
Magsusumikap ako upang makamit ang aking mga pangarap.
Kumusta?!
Sabi ko na nga ba at may ibang tao. Akala ko'y nakakarinig na 'ko ng mga espiritu.
Paumanhin. Akala ko'y ako lamang ang naririto kaya nagsasalita ako sa aking sarili.
Ako nga pala si Pedro, tubong Enrile. Ngayon lang kita nakita rito, ano ang iyong pangalan?
Ako pala si Juan. Bagong lipat lamang kami. Sana'y maging magkaibigan tayo.
Pero bakit tila pagod na pagod ka Pedro?
Medyo napagod ako sa kakahanap sa kalabaw ng aking Tio Feling.
Kahapon pa nawawala pero kanina ko lang nahanap.
Mabuti at nahanap mo.
Ang totoo niyan, ngayong araw ang aming pagtatapos sa paaralan. Hindi ko masyadong naramdaman ang saya ng pagtatapos dahil sa kaiisip sa nawawalang kalabaw. Tiyak na mapapagalitan ako ni Tiyo Feling kung hindi ko nahanap.




Masayang pagtatapos Pedro!
Maraming salamat Juan!
Mabuti at nataon na bakasyon ang inyong paglipat dito sa Enrile.
Oo nga eh.
Gusto kasi ng mga magulang ko na maabutan daw namin ang kapistahan ng Nuestra Senora de las Nieves.
'Di ba sa Agosto 5 iyon?
Oo. Iyon ang pinakamasayang araw dito sa Enrile.
Alam mo ba, ipinanganak ako ng ikaapat ng Agosto. Lahat ng tao ay abala sa paghahanda sa kapistahan na halos walang nakapansin ng aking kapanganakan.
Mukhang talagang pinaghahandaan ng buong bayan ang kapistahan ah.
Pero teka, bakit Pedro ang pangalan mo gayong sa pagkakaalam ko, si Santo Domingo ang patron sa araw ng ikaapat ng Agosto?
Tama ka diyan Juan!
Katulad ng tradisyon sa ibang lugar ay kadalasan din na isinusunod ang mga pangalan ng bagong silang sa patron ng araw ng kapanganakan dito sa Enrile.
Ang totoo niyan,
kalaunan ay nalaman ko na ipinanganak ako ng unang araw ng Agosto kaya Pedro ang ipinangalan sa akin.
Nagkaroon lang ng kalituhan kaya akala ng lahat ay sa ikaapat ng Agosto ako ipinanganak.



Lumipas ang mga araw, naging matalik na magkaibigan sina Pedro at Juan. Madalas ay magkasama sila sa pamamasyal at paglalaro.
Isang araw,
Pedro. Saan ka galing?
Galing ako sa Santor. Inutusan ako ng pinsan ko na kunin ang baril niya sa pangangaso na hiniram ng kaibigan niya.
Teka, malayo ang Santor ah. Paano ka nakapunta roon? Mabuti at alam mo ang daan saka hindi ka natakot na mag-isang pumunta?
Ang totoo Juan, kinabahan din ako dahil hindi ko alam ang daan patungo sa Santor. Ito ang unang beses na umalis akong mag-isa ng malayo. Pero alam mo ba, dahil nagawa ko ang utos sa'kin ni Kuya Martin, napagtanto ko na kaya kong gumawa pa ng mas malalaking bagay kung lalakasan ko lamang ang aking loob.
Totoo namang ikaw ay magaling Pedro at naniniwala akong malayo ang iyong mararating balang araw.



Nga pala Pedro, saang paaralan mo balak na mag-aral?
Ang sabi ni Tiyo Feling, ipinalista na raw niya ako sa Ateneo de Tuguegarao. Ang totoo niyan ay nahihiya ako sa kanila. Napakabuti ni Tiyo Feling at Tiya Itas sa akin at sa aking pamilya.
Mabait ka kasi kaya mabuti rin sila sa'yo.
Salamat sa papuri Juan. Ikaw saan ka mag-aaral?
Sa Maynila Pedro. Doon muna ako titira kay Tiyo Mando habang nag-aaral doon.
kung ganoon pala ay magiging magkalayo tayo?
Oo Pedro. Pero magsulatan tayo para may balita pa rin tayo sa isa't isa.
Lumipas ang mga araw, buwan at taon...
Kumusta ang matalik kong kaibigan? Sa huling liham mo ay hindi na naman maganda ang iyong pakiramdam. Magpalakas ka at nang hindi ka palaging nagkakasakit.
!?
Kumusta Juan? Totoo ang iyong sinabi. Buong panahon ko sa mataas na paaralan ay kadalasan ako'y may karamdaman. Pero sa awa ng Diyos ay gumagaling ako sa iba't ibang sakit. Pakiramdam ko ay may mahalaga siyang misyon para sakin at ito ang akakapag palakas ng aking kalooban.
Kaya naman bilib ako sa iyo Pedro dahil kahit sa gitna ng sakit at problema ay malakas ang iyong loob at tiwala sa Diyos.



Lumipas ang ilang buwan at kapwa nagtapos sa mataas na paaralan sina Juan at Pedro.
Masayang pagtatapos Juan.
Masayang pagtatapos din sa iyo Pedro.
Ano ang plano mo Juan? Itutuloy mo na ba ang pag-aaral mo hanggang kolehiyo sa Maynila?
Oo Pedro. Iyon din ang gusto ng mga magulang ko. Ikaw ba?
Sabi ni Tiyo Feling ay pag-aaralin niya raw ako sa Ilocos Norte Normal School.
Napakabuti talaga ng iyong Tiyo Feling.
Oo Juan. Lubos ang pasasalamat ko sa lahat ng naitulong niya sa akin at sa aking pamilya kaya pag-iigihan ko talaga ang pag-aaral para masuklian man lang ang kabutihan niya sa'min.
Anong kurso ang kukunin mo Juan?
PILOTO
A B C
Nais kong maging piloto Pedro. Ikaw ba?
Pangarap ko ang maging isang guro Juan.
Kung ganoon ay mangako tayo na magiging matagumpay tayo sa ating mga napiling kurso.
At kahit magkalayo tayo, patuloy tayong magiging magkaibigan.
Pangako!



Lumipas ang ilang linggo at nagsimula na ang pasukan sa mga eskwelahan.
Ayon sa resulta ng botohan sila ang mga opisyal ng klase.
ASUNCION
Hi! Ako si Asuncion Nolasco Pizarro, ang inyong Bise-Presidente.
Magandang umaga, ako si Pedro Trinidad, ang inyong Presidente.
Hi Asuncion, sana magampanan natin nang maayos ang pagiging opisyal ng klase.
Napakapormal mo naman Pedro. Cion na lang ang itawag mo sa akin.
Sa paglipas ng araw ay mas nakilala ni Pedro si Cion at unti-unti niyang hinangaan ang kaklase. Madalas niyang ikwento ito kay Juan.
Maganda siya Juan. Bukod doon ay napakabait pa ni Cion at sadya namang maaasahan.
Dahil magkaklase at parehong opisyal ng klase ay madalas silang magkasamang nagpaplano ng mga programa para sa kanilang klase at guro.
Parehas ding matalino sina Pedro at Cion kaya kadalasang sila rin ang mga nangunguna sa klase.


Naging malapit sa isa't isa sina Pedro at Cion. Madalas silang magkasama at mula rito ay umusbong ang isang pag-iibigang magiging sandigan ng bawat isa.
Lumipas ang dalawang taon...
Maligayang pagtatapos Cion!
Maligayang pagtatapos din sa'yo Pedro. Sabi ko na nga ba ikaw ang magiging salutatorian.
Inspirado kasi ako mag-aral dahil sa'yo Cion.
Ano pala plano mo? Pinapatupad na pala ang apat na taon na kursong BS in Elementary Education. Kukuha ka ba noon o ipagpapatuloy mo ang plano mong magturo agad sa Davao?
?!?
Nais ko nang magtrabaho Pedro kaya tatanggapin ko ang alok sa'kin na magturo sa Lupon.
Kung ganoon ay magkakawalay pala tayo.
Alam ko Pedro, pero, mananatili ang pagmamahal natin sa isa't isa.
Balang araw, magkakasama tayong muli. Pangako!



Tatlong taon nagserbisyo bilang substitute teacher si Pedro sa Central School, sa Lemu, Divisoria, at sa Liwan Norte habang si Cion ay nagtuturo sa Lupon.
Mahal kong Cion, nalalapit na ang Junior Teachers Regular Examination. Parehas nating pagbutihin at sigurado akong makapapasa tayong dalawa.
Mahal kong Pedro, magdilang anghel ka sana. Kahit kinakabahan ako, alam kong parehas nating maipapasa ang pagsusulit
Kumuha ng pagsusulit sina Pedro at Cion. At laking gulat ni Pedro ng ianunsyo ang resulta ng pagsusulit.
Narito ang resulta ng pagsusulit. Ang nakakuha ng pinakamataas na marka ay si Pedro B. Trinidad
Cion, parehas tayong nakapasa, gaya ng aking sinabi.
Ikaw ang may pinakamataas na marka sa Cagayan, Pedro. Masaya ako na parehas tayong nakapasa.



Nang makapasa sa Junior Teachers Regular Examination, nabigyan si Pedro ng permanenteng trabaho sa Solana Central School. Dito na naisip ni Pedro na panahon na para alukin ng kasal ang pinakamamahal na kasintahan. Sumakay si Pedro sa barko at naglakbay papunta sa Davao City.
Mahal ko, mula nang makilala kita ay pinangarap ko na ikaw sana ang aking tadhana.
Will you marry me?
Oo Pedro, tinatanggap ko!
Ikinasal si Pedro at Cion sa Davao. Masayang-masaya ang lahat sa kanilang pag-iisang dibdib. Matapos maikasal ay tumira sila sa Cagayan.
Lumipas ang isang taon at biniyayaan ng anak na babae ang mag-asawang Pedro at Cion.
Napakaganda ng anak natin Pedro. Ano ang ating ipapangalan sa kanya?
Giorgina?
Magandang pakinggan Pedro. Gusto ko siya.
Ayos lang ba sa'yo ang pangalang Giorgina?
Lumipas ang dalawang taon, isinilang naman ang kanilang ikalawang anak at panganay sa lalaki.
Ang gwapo ng anak natin, manang-mana sa'kin
Gwapo ka, pero parang mas gwapo ang anak nating si Gilbert hihihi



Si Cion ay ang pinakamasugid na tagasuporta sa pagkamit ni Pedro ng kanyang mga pangarap.
Pedro, bakit hindi mo kunin ang bagong apat na taong BS in Elementary Education?
Kung kukuha ako noon ay kailangan kong mag-aral muli sa Tuguegarao. Malalayo ako sa'yo at mga anak natin.
Para sa ating kinabukasan din naman iyon Pedro.
Dahil sa tiwala ni Cion ay muling nag-aral si Pedro. Makalipas ng isang taon ay nakapagtapos si Pedro ng kursong BS in Elementary Education.
Binabati ka namin, Pedro B. Trinidad, Cum Laude at punong tagapatnugot ng Tuguegarao Paulinian.
Binabati kita mahal kong Pedro sa iyong pagtatapos at pagiging Cum Laude.
Salamat mahal ko. Lahat ng pagsisikap ko ay para sa iyo at sa ating pamilya.
Sina Pedro at Cion ay muling biniyayaan ng ikatlong anak.
Tumutunog ang kampana ng simbahan. Oras na ng pang-umagang misa.
Ginoong Trinidad. Nakapanganak na po ang inyong asawa. Babae po. Parehas po silang ligtas.
Ang ganda niya Pedro.
Kamukha mo siya Cion. Ano gusto mong ipangalan natin sa kanya?
Maaari bang Grace ang ipangalan natin?
Grace? Magandang pangalan iyon Cion.
Bumalik sa pagtuturo si Pedro nang matapos niya ang kursong BSEEd. Lumipas ang isang taon...
Cion, mayroon akong magandang balita. Ako ay nabigyan ng scholarship para kumuha ng Master's Degree sa University of the Philippines institute of Public Administration.



Iyan nga ay tunay na magandang balita Pedro. Pero paano ang pagtuturo mo?
Kakailanganin ko munang huminto sa pagtuturo Cion habang ako'y nag-aaral.
Huwag kang mag-alala Pedro. Bukod sa pagiging guro, tatanggap din ako ng patahi.
Natuloy si Pedro sa pagkuha ng Master's Degree sa University of the Philippine Institute of Public Administration.
Lumipas ang dalawang taon...
Pedro, hindi ka nagpasabi na uuwi ka.
Oo Cion, ako ay may mahalagang ibabalita. Nabiyayaan ako ng Fullbright-Hayes Scholarship sa America.
Iyan ay tunay na magandang balita Pedro. Binabati kita.
Nambola ka pa hihi
Salamat sa Diyos sa biyayang ito at sa pagkakaroon ng maganda at mabuting asawa.
hihi
hihi
Juan, ako ay binigyan ng scholarship sa America. Lahat ng ito ay utang ko sa Diyos at sa aking asawa. Habang ako ay nag-aaral, siya ang tumatayong ama at ina ng aming mga anak. Lubos ko siyang ipinagmamalaki sa kanyang katatagan at pagiging mabuting ilaw ng tahanan.
Natuloy si Pedro na mag-aral sa University sa Lawrence, Kansas. Madalas ay nangungulila siya kay Cion at sa kanyang tatlong anak kaya madalas siyang sumulat sa mga ito.


Habang nasa Kansas University, upang mabawasan ang lungkot ay nagpursigi si Pedro sa pag-aaral. Dahil dito, siya ay napiling kinatawan ng Pilipinas sa International Students Conference na ginanap sa Denver, Colorado.
Students Conference
Matapos ang siyam na buwan ay nagtapos si Pedro sa Kansas University subalit hindi agad nakauwi si Pedro sa Pilipinas.
Gustong-gusto ko nang umuwi subalit mukhang kailangan ko pang magtagal ng buong tag-araw dito sa America.
Nabigyan kasi ako ng special summer scholarship ng National Science Development Board ng America upang mag-aral ng Earth Science para sa mga guro sa University of Michigan. Kasama na ang bayad sa matrikula, mga libro, at pamasahe. Mayroon pang allowances na makakatulong sa panggastos ninyo ng mga bata.
Magandang oportunidad iyan Pedro. Sadyang ika'y biniyayaan ng Diyos dahil ikaw ay masipag at mabuting tao. Huwag mo kaming alalahanin ng mga bata. Ako ng bahala sa kanila. Basta galingan mo riyan at mag-iingat ka. Huwag mo ring kalilimutang manalangin sa Panginoon upang ikaw ay gabayan at alagaan.
Lumipas ang isang taon ay natapos ni Pedro ang pag-aaral sa University of Michigan at umuwi na siya ng Pilipinas.
Maligayang pag-uwi Pedro.
Miss na miss ko na kayo ng mga bata.
Makalipas ang isang taon mula nang umuwi si Pedro sa Pilipinas ay isinilang ang ikaapat nilang anak ni Cion.
Ano ang ipapangalan natin sa kanya Pedro?
Ano kaya kung Glenn? Para lahat sila ay nagsisimula sa letrang G.
Maganda Pedro!



Pagkauwi ni Pedro galing America ay ilang beses siyang napromote sa kanyang trabaho hanggang sa kumuha siya ng pagsusulit sa pagka-Superintendent. At hindi naman siya nabigo.
Kumusta ang resulta ng pagsusulit, Pedro?
Nakapasa ako Cion at pang-apat ako sa pinakamataas.
Sadya namang magaling ka Pedro!
Lumipas ang ilang taon...
Cion, ako ay naitalaga na maging Division Superintendent sa Batanes.
Hindi ba malayo iyon?
Oo Cion. nasa pinakadulong bahagi ng Pilipinas.
Gawin mo ang kailangan mong gawin Pedro. 'Wag mo kaming masyadong alalahanin, akong bahala sa mga bata. Alam naman naming lahat ng sakripisyo mo ay para rin sa'min.
Maraming salamat sa iyong pag-unawa Cion.
Bagamat isang mahirap na lugar ang Batanes ay masaya naman si Pedro kasama ang mga Ivatan. Dito ay napagtanto niya na marami sa mga Ivatan ang may magagandang boses.
Nora, napansin ko na marami sa mga estudyante ang magaganda ang boses. Naisip ko na bakit hindi tayo bumuo ng isang choir ng mga Ivatan?
Magandang ideya iyan Sir.
Ilang panahon ang lumipas at nabuo ang Ivatan Choir.



Isinali nila Pedro ang Ivatan Choir sa National Music Competition for Young Artists.
Ang nanalo sa buong Rehiyon II bilang pinakamagaling na choir ay ang Ivatan Choir!
Panalo tayo!
Matapos ang tatlong taon bilang Superintendent ng Batanes ay naitalaga naman si Pedro na maging Superintendent sa Cagayan.
Huwag kang malungkot Nora. Kahit nalipat man ako ay maaari ninyo akong tawagan ano mang oras.
Sir Pedro, maraming salamat sa magandang pamumuno. Nalulungkot man kami, alam naming malayo pa po ang inyong mararating.
Nang magsimula bilang Superintendent ng Cagayan si Pedro, agad siyang hinangaan sa sipag niya sa pagtatrabaho.
Magandang umaga po Sir Pedro. Napakasipag niyo po, nauuna pa po kayo kaysa sa'ming mga janitor.
Paglipas ng panahon ay muling na-promote si Pedro bilang Assistant Director of the Bureau of Secondary Education.
Kumusta ang unang araw mo sa bago mong posisyon Pedro?
Maayos naman po Sir. Mababait ang mga bago kong kasama sa trabaho.
Ikaw pala ay aming isasama sa pagbalangkas ng bagong curriculum para sa high school Pedro. Narinig mo na naman siguro ang bagong panukala ni Pangulong Corazon Aquino na gawing libre ang matrikula sa pampublikong mataas na paaralan
Opo Sir. Gagawin ko po ang aking makakaya upang makatulong.
Dahil sa kanyang galing at mga naiambag sa bagong curriculum para sa mataas na paaralan ay isa si Pedro sa mga napiling Most Outstanding Ilocano Educator ng Northern Philippines University sa Vigan.



Di naglaon ay nagpatayo si Pedro ng eskwelahan sa Mantigue. Noong na-promote siya bilang Regional Director.
Maraming salamat po sa pagpapatayo ng eskwelahan dito sa Mantigue, Sir Pedro.
Paaralan ng Mantigue
Ito ay para sa inyo. Hindi na kailangang tumawid pa ng dagat ang mga bata upang makapag-aral. Kayong mga magulang naman ay tuturuan namin kung paano magpatubo ng seaweeds pati iba't ibang paraan ng pagluluto ng mga yamang dagat.
Matapos ang pagpapatayo ng paaralan sa Mantigue ay binisita naman ni Pedro ang Agusan National High School. Agad niyang napansin at nalaman ang iba't ibang problema na kinakaharap ng eskwelahan.
Napansin ko na napakarami ng estudyante pero kakaunti ang guro.
Opo, Sir Pedro. Madalas din po kaming pasukin ng mga adik at pusher. Pati mga pader namin, madalas sulatan ng mga tagalabas at madalas din po ang nakawan.
Agad na umaksyon si Pedro. Kinausap niya ang mga kinatawan ng Agusan national High School.
Unang-una, papalitan ko ang prinsipal dahil madalas siyang nasa bakasyon at pamamasyal. Ikalawa, magdadagdag ako ng mga guro at aayusin din natin ang mga silid-aralan at lalagyan ng kandado. Atin ding palalagyan ng bakod ang paligid ng eskwelahan.
Ilang buwan ang lumipas, nasunod ang mga ipinangako ni Pedro. Ipinaayos niya ang eskwelahan at pinalagyan niya ng bakod. Kinausap din niya ang mga magulang at estudyante upang hikayating makipagtulungan sa ikagaganda ng eskwelahan.
Agusan National High School
Maraming salamat po sa mga tulong n'yo Sir Pedro. Kung hindi dahil sa inyo, hindi gaganda ang eskwelahan namin.
Tuwang-tuwa rin po ang mga magulang sa malaking pagbabago ng eskwelahan
Maging mga estudyante po ay ganadong mag-aral ngayon kaya naman nananalo sila sa mga paligsahan.




Nang maresolba ang problema sa Agusan National High School, panibangong problema naman ang kinaharap ni Pedro sa Tangub City.
Ma'am Joy, napansin ko lang na may mga eskwelahan na nakakatanggap ng buong budget pero kakaunti naman ang bilang ng estudyante?
Naku Sir, medyo matagal na iyan. Pero si Mayor po ang nag-utos na ituloy lang po ang operasyon ng eskwelahan kahit hindi sapat ang bilang ng estudyante.
Hindi ito maaari. Malamang sa korapsyon lang napupunta ang budget na ibinibigay sa eskwelahan. Ipapasara ko ang mga eskwelahan na kulang ang bilang ng estudyante.
Ganoon nga ang ginawa ni Pedro. Ipinasara niya ang mga eskwelahan na kaunti ang bilang ng estudyante. Galit na galit ang Mayor dahil dito.
Sino ka para ipasara ang mga eskwelahan. Ako ang mayor ng Tangub, ako ang masusunod dito.
Ako ay DECS Regional Director. May awtoridad akong ipasara ang mga paaralan na sa tingin ko'y ginagamit lamang para sa korapsyon.
Sasampahan kita ng kaso. Sisiguraduhin kong matatanggal ka sa iyong posisyon.
Sinampahan nga ng kaso ng mayor si Pedro subalit ibinasura ito ng korte.
Dahil walang basehan ang ibinibintang ng Mayor at sa mga ebidensiyang ipinakita ni DECS Regional Director Trinidad, ang kasong inihain ay ibinasura ng korte.
Magandang umaga. Ako ang bagong Regional Director. Pedro Trinidad ang pangalan ko.
Magandang araw po Sir Pedro. Pasensya na po at hindi pa tapos ang gusali.
Matagal na bang ginagawa ito?
Opo Sir. Medyo kulang na po kasi sa budget kaya bumagal ang pagpapatayo ng gusali.


Sige, titingnan ko kung ano ang pwedeng gawin. Sa isang taon ay dito sa Iloilo gaganapin ang Palarong Pambansa. Kailangan nating magpatayo ng stadium na pagdadausan.
Hindi lang po iyan ang problema natin Sir. Medyo marami po ang mga squatter na malapit sa opisina at mga kalsada. Madalas ay kung saan-saan lang nila itinatapon ang kanilang mga kalat. Ang iba sa kanila ay mga magnanakaw rin. Kahit mga security guards natin ay takot sa kanila.
Problema nga iyan. Hindi bale, gagawan natin ng paraan.
Agad na umaksyon si Pedro. Humingi siya ng tulong sa iba't ibang grupo.
Magandang umaga po. Ako po si DECS Regional Director Pedro Trinidad. Kami po ay hihingi sana ng tulong upang makapagpatayo ng sports complex dito sa Iloilo. Kahit anong tulong ay lubos po naming ipagpapasalamat.
Marami ang tumugon sa panawagan ni Pedro. Ang iba ay nagbigay ng pera, ang iba naman ay mga gamit sa pagpapagawa.
Marami pong salamat sa inyong mga tulong.
Wala pong anuman. Alam namin na para sa mabuti ang inyong ginagawa.
Matapos ang ilang buwan, natapos din ang stadium para sa papalapit na palaro. Inasikaso naman ni Pedro ang opisina ng DECS. Pinalipat niya ang lahat ng nagtatrabaho sa bagong opisina ng DECS kahit hindi pa ito tapos. Upang mapaganda ang opisina, nakaisip ng paraan si Pedro.
Dahil nalalapit na ang pasko, magkakaroon tayo ng paligsahan. Pagagandahin n'yo ang inyong mga opisina. Ang may pinakamagandang opisina ang mananalo.
Pagsapit ng Pasko ay magaganda na ang opisina ng DECS. Ito ang resulta ng paligsahan ni Pedro. Nagulat pa ang kalihim ng edukasyon nang bumisita ito.
Ito po ang resulta ng pagtutulungan ng mga taga-Iloilo.
Napakalaki ng iginanda ng Division Office dito sa Iloilo. Ito ay dahil sa galing ng iyong pamumuno Pedro.


Medyo nga po Sir. Makalat po kasi ang mga nakatira kaya madumi ang paligid. May mga ulat din ng nakawan sa mga gamit dito sa opisina. Pero hahanapan po namin ng paraan.
Pero Pedro, napansin ko na maraming mga squatter sa paligid ng DECS division office. Hindi ba kayo nagkaka-problema dahil sa kanila?
Hindi inaasahan ni Pedro na mas mahihirapan pala siya sa problema sa mga squatter.
Kailangan nating baguhin ang kanilang pag-uugali. Kailangan din natin silang matulungan sa kanilang mga pangangailangan.
Kausapin natin ang mga lider nila. Mag-organisa tayo ng mga klase at seminar para malaman nila ang tamang pag-uugali.
Oo nga po Sir. Mukhang ugali po ang una nating dapat pagtuunan ng pansin.
Tanggapin ninyo ang mga materyales na ito para pagandahin ang inyong mga tahanan. Gawin po nating mas maayos ang ating komunidad. Ito po ay para na rin sa inyong mga kalusugan.
Maraming salamat po Sir Pedro. Umasa kayong aayusin at pagagandahin namin ang paligid
Sa paglipas ng araw ay unti-unting umayos ang tahanan ng mga squatter. Ang dating makalat na paligid ay naging malinis na at natuto ang mga ito ng tamang pagtatapon ng kanilang mga basura.
Nagtayo rin ang mga ito ng mga kantina at iba pang kainan. Madalas ay doon kumakain sina Pedro at iba pang tauhan ng DECS Regional Office.
Ang ilan sa mga squatters ay kinuha rin ni Pedro bilang tagalinis ng DECS Division Office at paligid ng opisina.


Mula sa sariling pera ay nagpatayo si Pedro ng isang balon upang hindi na mahirapang mag-igib ang mga squatters.
Donated by:
Pedro B. Trinidad
Matapos ang pagpapagawa sa sports stadium at DECS Regional Office ay bumisita si Pedro sa Boracay upang tingnan ang lagay ng mga eskwelahan doon. Nakita ni Pedro ang kaawa-awang lagay ng mga eskwelahan.
Agad na nagbigay ng budget si Pedro upang maiayos ang eskwelahan. Nagtayo rin siya ng training center at ginamit ito sa mga pulong at conferences. Kung minsan ay tinutuluyan din ito ng mga guro na gustong pumunta ng Boracay.
Boracay Training Center
Nang matapos ang training center sa Boracay ay bumalik na ng Iloilo si Pedro. Sa kanyang pagbalik ay ang pagsisimula na rin ng Palarong Pambansa. Tuwang-tuwa si Pedro at ang mga taga-Iloilo nang maging kampeon ang Western Visayas sa palaro. Sa rehiyon nila Pedro rin maraming pinarangalan bilang Most Outstanding Teachers.
Western Visayas - Champion
Lumipas ang taon. Naging Director si Pedro ng Region IV. Nang mga panahon na ito, naninirahan na si Pedro at pamilya sa Quezon City.
Kumusta ang bago mong opisina Pedro?
Maayos naman siya Cion. Ang problema ko lang ay ang trapik. Inaabot ako ng dalawang oras sa pagbiyahe.
Agahan mo na lang ang alis Pedro para 'di ka matrapik.
Ganoon na nga Cion.


Kagaya ng mga ginawa ni Pedro sa opisina ng DECS sa ibang rehiyong kanyang pinamahalaan, pinaganda at ipinaayos ni Pedro ang DECS Regional office ng Rehiyon IV. Inayos din niya ang sistema ng tubig at maging ang maayos na sistema ng basura. Kanya ring binisita ang labing-anim na eskwelahan sa Rehiyon IV.
DECS
Ipinakilala rin ni Pedro ang paggamit ng mga demountable na gusali.
Paaralan
Napakaganda po nitong mga demountable na gusali Sir Pedro. Malaking tulong po ito para sa kakulangan ng eskwelahan sa malalayong barangay.
Tama ka riyan Ma'am Tina. Nais kong mabigyan ng paaralan kahit ang pinakamalayong parte ng ating rehiyon.
Ang buong akala ni Pedro ay sa DECS Region IV na siya magreretiro subalit siya ay inilipat ng bagong kalihim ng edukasyon na si Isisdro Carino sa Region II.
DECS
Pedro, alam kong mapapaunlad mo ang Rehiyon II katulad ng mga nagawa mo sa ibang rehiyon. Malaki ang tiwala ko sa iyo.
Maraming salamat po sa inyong tiwala Sec Isidro. Gagawin ko po ang lahat ng aking makakaya.
Welcome to DECS Region II
Sa pamumuno ni Pedro ay malaki ang iginanda ng sistema ng eskwelahan sa Rehiyon II. Maging ang mga eskwelahan ay pinaganda rin niya. Nagsimula ring manalo sa mga paligsahan ang mga estudyante sa kanyang rehiyon. Marami ring mga guro ang naparangalan bilang pinakamagaling na guro ng taon.
Nailathala ang kanyang mga aklat na "Beyond the Horizon" habang Director sa Region II. Ang kanyang pangalawang aklat naman ay "The Story of My Town" at ang ikatlong aklat ay "Sincerely Cion, Love Pedring".
BEYOND THE HORIZON
PEDRO B. TRINIDAD
Love, Pedring
Sincerely, Cion

Sa kanyang pamumuno sa Rehiyon II, nagmungkahi ang kanyang mga kaibigan sa DECS na magbukas siya ng sarili niyang paaralan.




Sa taong 1996 ay binuksan ang La Trinidad Academy. Si Pedro ang Director ng eskwelahan at Assistant Director naman si Cion.




Sa paglipas ng mga taon ay lumaki ang eskwelahan at dumami ang mga estudyante nito. Mula sa dalawang silid-aralan, dalawang guro, at sampung estudyante ay umunlad ito. Mayroon ng tatlong gusali, 42 na guro, at lagpas 1,000 na estudyante.



Sa pagbalik ni Pedro sa Sierra Madre, taas noo niyang ipinagmamalaki ang lahat ng tagumpay na kanyang tinamasa. Lahat ng kanyang mga nakamit na pangarap ay alay niya sa Diyos, sa kanyang pamilya, at sa Sierra Madre na kanyang kinalakhan. Taas noo niyang sinasambit ang mga katagang...




# WAKAS

# PAGKILALA AT PASASALAMAT

Ang matagumpay na pagbuo ng komiks na ito ay hindi magiging posible kung wala ang masigasig na pagsisikap, dedikasyon, at talento ng mga mag-aaral na buong pusong tinanggap ang hamon ng proyektong ito. Mula sa kanilang malikhaing isipan, masigasig na mga kamay, at walang sawang pagtutulungan, naisakatuparan ang proyektong nagsimula noong sila ay nasa ikasiyam na baitang pa lamang at ngayon ay bahagi na ng Batch 2024-2025.

Taos-pusong pasasalamat ang ipinaaabot sa mga sumusunod na indibidwal na naging mahalagang bahagi ng paglikha at produksyon ng komiks na ito:

- **Jaden Miguel R. Regala** – Bilang pinuno ng pangkat, siya ang nanguna at gumabay sa buong proseso ng pagbuo ng komiks na ito. Siya rin ang pangunahing manunulat na nagbigay ng masining na pagkakalahad sa nilalaman ng kwento. Bukod dito, naging aktibo rin siya sa paglikha, pagkukulay, at pagdidisenyo ng pabalat ng komiks, na nagsilbing mukha ng likhang ito. Ang kanyang pangunguna at pagpapakita ng mahusay na pamumuno ay naging mahalagang bahagi sa pagtatapos ng proyektong ito.
- **Honeylet O. Sanoria, Joash Carl B. Joaquin, Samantha D. Velasquez, Gabrielle Nicole D. Nacianceno, at David R. Clarin** – Bilang mga ilustrador ng komiks, sila ang nagbigay-buhay sa kwento sa pamamagitan ng kanilang masining na pagguhit. Mula sa bawat linya, ekspresyon ng mga tauhan, at masusing detalye ng bawat tagpo, kanilang ipinaramdam ang lalim ng kwento at damdamin ng karakter. Ang kanilang kahusayan sa sining ay nagsilbing pundasyon ng komiks na ito.
- **Eliyah Jei Vicedo at Marynet Gannaban** – Ang kanilang husay sa paglapat ng kulay ay nagbigay ng higit pang sigla at buhay sa bawat pahina ng komiks. Sa pamamagitan ng kanilang maingat na pagpili at paggamit ng mga kulay, nagawa nilang iparating ang tamang damdamin at atmospera ng bawat tagpo. Ang kanilang dedikasyon sa pagpapaganda ng visual na aspekto ng komiks ay lubos na pinahahalagahan.
- **Lance Daniel B. Maglalang** – Bilang pangunahing tagadisenyo ng pabalat, siya ang nagbigay ng isang kaakit-akit at makahulugang disenyo na nagsilbing unang impresyon ng mambabasa sa kabuuan ng komiks. Ang kanyang malikhaing pananaw at natatanging istilo sa sining ay nagbigay ng higit pang karakter sa likhang ito.
- **Cristalyn R. Zuño** – Pasasalamat din sa gurong tagapayo na nagbigay ng tulong at gabay sa mga mag-aaral upang buoin ang komiks na ito. Ang guro na lubos na nagtiwala sa kakayahan ng kanyang mga mag-aaral na bumuo ng ganitong produkto na magsisilbing *legacy* o pamana para sa susunod na henerasyon.

Ang bawat isa sa kanila ay may mahalagang kontribusyon na nagdala sa proyektong ito sa matagumpay na pagtatapos. Ang kanilang pagsisikap, tiyaga, at pagmamahal sa sining ay tunay na hinahangaan. Higit sa lahat, ang komiks na ito ay patunay ng kanilang malikhaing kakayahan, disiplina, at pagsisikap na maibahagi ang isang makabuluhang kwento. Nawa'y magsilbing inspirasyon ang kanilang gawa sa mas marami pang kabataan upang ipagpatuloy ang pagpapahayag ng kanilang talento at pagkamalikhain.

Taos-pusong pasasalamat din sa pamunuan ng La Trinidad Academy sa kanilang patuloy na suporta at inspirasyon sa proyektong ito, upang magbigay-edukasyon, magbigay-inspirasyon, at patatagin ang komunidad ng La Trinians at iba pa sa pamamagitan ng makabuluhang pagsasalaysay at malikhaing pagpapahayag.


LA TRINIDAD ACADEMY
TREELANE III 1996 IMUS, CAVITE